

CHAPTER ONE

“I need to lose my virginity!” malakas na pahayag ni Robyn.
 “What?” gulat na reaksiyon ni Dianne.

Kasalukuyan silang nasa condo unit ni Robyn. Nakaugalian na kasi nilang magkakaibigan na maglaan ng isang araw sa loob ng isang buwan para magkita-kita. Kaya heto sila ngayon— magkakasama isang Friday night, nagpapakalunod sa vodka habang nagkukuwentuhan.

At ang topic of discussion ay sexual escapades nila. Kung dati ay nananahimik lamang siya kapag ganito ang tema ng pag-uusap, nakakagulat ngayon dahil sa kanya mismo nanggaling ang mga katagang iyon—tila desperado at napakaseryoso.

Kaya hindi masisisi si Dianne kung muntik na itong masamid sa orange juice na iniinom nito bilang chaser ng vodka.

“Naloloka ka na ba? Ano naman ang sumuot diyan sa baluktot mong isip at nasabi mo iyan?” di-makapaniwalang tanong ni Lyra sa kaibigan.

“Bakit? What’s wrong with that? Kayo nga diyan, all of you have done *it* already. Besides, don’t tell me you have never done it just for the heck of it?” prangka niyang tanong.

“Yeah... sometimes. But the first time has to be special. It has to be with someone you love,” sabat ni Maan, ang romantiko sa grupo.

“I don’t have the time to wait for that special someone,” pangangatuwiran niya. “I mean, look at me! I’m twenty-four years old! I work in a prestigious company. I’m not ugly. Hindi ako bunggi, kirat, banlag, or an-an beauty. Well-proportioned ang katawan ko. Hindi naman ako mukhang amasona, pero hanggang ngayon, I don’t have a love life to speak of,” may himig pagmamaktol na sabi niya.

Mataman siyang tinitigan ng mga kaibigan at iisa lamang ang tumatakbo sa isip ng mga ito— understatement ang mga pinagsasabi niya.

Dahil hindi lamang pasado ang beauty ni Robyn, higit-higit pa. Mula noong high school pa lamang sila ay napakalakas na ng kanyang appeal sa kalalakihan. Hanggang kolehiyo ay hindi lamang iilan ang mga nanligaw sa kanya.

Bukod kasi sa napakaamo niyang mukha ay maganda rin ang kanyang katawan. Idagdag pang matalino siya at consistent na kasama sa top ten ng klase. Ngunit ni minsan ay hindi pa siya nagkaroon ng seryosong relasyon dahil na rin siguro sa napakapihikan niya.

“Alam mo kung ano ang problema mo?” tanong ni Dianne.

“Ano?”

"You never go out."

"But I always go out with you guys," giit niya.

"With us, oo. Pero 'yung dates with men? Never!"

"Eh, sino naman ang gusto mong i-date ko? Half the guys I know are either pompous or mas vain pa sa akin. Yuck!" nandidiring turan niya.

"Isa pa 'yan, 'yang attitude mong 'yan. Alam mo, wala namang perfect na lalaki, eh. Masyado ka kasing pihikan," mataray na sita ni Lyra.

"At saka before naman, you were never conscious of the fact na virgin ka pa, ah!" sabi ni Maan.

"Sabi ko na nga ba, dapat hindi natin masyado kinukuwentuhan iyan, eh," dagdag ni Dianne.

"Ewan ko ba. Lately, I've been having this feeling that time is catching up with me. Tingnan n'yo, second millennium na. And all the signs of Armageddon are actually happening—flashfloods, earthquakes, civil wars, famine. Eh, magugunaw na lang yata ang mundo, virgin pa rin ako. Come to think of it, five percent na lang yata of the population above twenties, of course not counting the nuns and monks, ang virgin. I feel like I'm not normal, especially in my field of work. Whenever we would have these girl talks, iyon lang mostly ang pinaguusapan. And they would sometimes ask me na magkuwento," litanya ni Robyn.

"And?" tanong ni Dianne.

"Eh, di nagkukuwento ako."

"At ano naman ang ikinukuwento mo? 'Yung nababasa mo sa pocketbooks at napapanood mo sa cable tuwing madaling-araw?"

"Excuse me. Hindi po ako nanonood ng ganoong mga palabas sa madaling-araw," deny niya.

"Hmm... plastic!" di-naniniwalang sagot nito.

"So then, what do you tell them?" kulit ni Lyra.

"Eh, di iyong mga kinukuwento ninyo sa akin. Ikaw, Dianne, 'yung nangyari sa inyo ni Michael in his house. Ikaw naman, Lyra... remember that scene with Tony in his car? And you, Maan, that incident on the kitchen table," sunud-sunod na bira niya.

"Kitchen table?" magkasabay na sigaw nina Lyra at Dianne. Matapos ay manghang-mangha na tiningnan ng mga ito si Maan.

"Ano? Eh, sa creative kami ng babe ko."

"Bakit sa amin, hindi mo kinukuwento iyan, ha!" sita ni Dianne dito.

"Hmph! Mainggit pa kayo," pang-aasar nito.

"Hay naku! Basta ako, I want to do it with someone na hindi ko masyadong kilala. Mas maganda kung total stranger para no strings attached. After a great night, we'll go our separate ways. Paano kasi if I do it with someone I know, he might get the wrong idea. Baka bigyan niya ng mas malalim na kahulugan. Wala akong panahon ngayon to get into a serious relationship," she stated with a deep sigh.

Bago sumagot ay tumagay muna si Maan ng alak.

“Hay naku, weird mo! Ang weird ng logic mo!”

“Basta whatever you decide to do, bahala ka. Malaki ka na. Just don’t forget to use protection,” payo ni Lyra.

“Anyway, it’s not always pleasurable the first time,” sabi ni Dianne, sabay kindat.

“Talaga lang, ha!” sarcastic remark ni Maan.

“Hoy, aminin! Kami nga, eh, limang try bago success!” tili ng dalaga.

“Hay naku! Tama na nga iyan. Sumasakit lang ang puson ko sa usapan na iyan, eh. Basta ikaw Robyn, malaki ka na. Ang ulo, hindi lang iyan patubuan ng buhok, okay?” muli ay paalala ni Lyra.

“Opo, Mother Superior!” masunuring tugon niya.

“Tama na iyan. Change of topic, please,” pakiusap ni Maan.

“Sandali, kukuha lang muna ako ng ice. ‘Etong si Lyra, eh, nginangabngab ‘yung yelo.”

“Ay, Dianne, tatalapunta ka rin lang sa kitchen... more chips please,” malambing na utos ni Lyra.

“Opo, Ma’am. Ano pa po? Wala na po ba?” sarkastikong tanong dito ni Dianne.

“Wala na. Iyon na lang muna, salamat!” Matapos ay buong tamis itong ngumiti sa kaibigan.

Tuluyan nang tumalikod ang dalaga patungo sa kusina.

Inayos muna ni Maan ang pagkakaupo nito sa sofa bago nagsalita. “So, how’s work?” tanong nito

kay Robyn.

“Gan'on pa rin,” sagot niya.

“So why do you still stick around sa kompanyang iyan kung hanggang ngayon ay wala pa rin naman palang pagbabago?” tanong ni Lyra.

“Because as far as interior design is concerned, it's the most prestigious firm in the field,” katuwiran niya.

“Kahit na. Kung ganyan naman na hindi ka nabibigyan ng break, wala rin,” praktikal na puna nito.

“Ewan ko nga ba kung bakit. Okay naman ang performance ko. 'Yung isang colleague ko, si Myrna, she's not very smart pero lahat na yata ng magagandang projects ay napupunta sa kanya,” may pagtataakang sabi niya.

“She's sleeping with your boss,” malakas na tugon ni Dianne mula sa kusina matapos marinig ang huling bahagi ng sinabi ni Robyn. Dere-derecho itong umupo sa sofa katabi niya.

“That is one way of looking at it,” dagdag ni Lyra sa mahinang tinig.

“Huh?” naguguluhang tugon niya.

“That's the only possible explanation. Ano pa ba?” pagpipilit ni Dianne, sabay kibit ng balikat.

“You don't know that!” katuwiran ni Maan.

“Dianne has a point. Nangyayari naman talaga ngayon iyan sa trabaho. Sex for power,” sang-ayon ni

Lyra.

“Bakit, Robyn, mukha bang capable ‘yung Myrna na iyan sa ganoong setup? And what about your boss? What does he look like?” sunud-sunod na tanong ni Maan.

“I don’t know kung si Myrna ‘yung ganoong tipo, but she’s definitely good-looking. My boss? Well... he’s quite old, bald, short and has a beer belly.”

“There you go!” malakas na sambit ni Dianne. Sinundan naman ito ng sunud-sunod na pagtango ni Lyra.

“Pero how is your boss as a boss?” tanong ni Maan.

“You know what? Come to think of it, I barely know him. All I know is that his name is Mr. Potenciano. He’s a perfectionist and could really be mean sometimes. Other than that, he’s a complete stranger to me.”

“That’s your man!” masiglang sabi nito.

“Ano?” naguguluhan niyang tanong.

“That’s what you want, di ba? A complete stranger para sa plano mo...” pilyang tugon nito.

“Alin, ‘yung sa...” Naging malinaw sa kanya ang nais puntuhin ng kaibigan. “Yuck! Huwag na lang, ano! Over my dead body,” madiing tanggi niya na sinundan ng malakas na tawanan ng mga kaibigan.

ALAS OCHO NG UMAGA. Eksaktung-eksakto

ang pagdating ni Robyn sa opisina. Buti na lang at hindi siya na-late. Lunes pa naman.

Nasa Ortigas Center ang building ng kompanya kaya araw-araw na lang na ginawa ng Diyos ay nadadaan niya ang kahabaan ng EDSA. Mula Parañaque hanggang EDSA ay nararanasan niya ang mga pinakagrabeng traffic na maitatala sa kasaysayan ng bansa.

Buti na lang ngayon at medyo maaga ang ipinulas niya sa condo. Kapag medyo nga nakapag-ipun-ipon siya ay lilipat siya sa mas malapit-lapit na condo unit. Problema lang kasi niya ang pang-down.

“Hi, Aina!” masiglang bati niya sa isang colleague.

“Hi, Robyn!” balik nito. Mabilis itong lumipat sa mesa niya at mahinang nagsalita. “Girl, may chika ako sa iyo. Di ba kilala mo ‘yung bagong designer? Si Cecille?” tanong nito na tinugon niya ng mabilis na pagtango habang inaayos ang gamit sa drafting table. “Well, siya lang naman po ang in-assign ni Sir sa *McDanielle’s Enterprise*. Grabe, ano! Kabagu-bago pero big client na agad ang hinahawakan.”

“Talaga lang, ha!” nagtatoka ring turan niya.

“Ano kaya’ng kapalit noon? Mukha kasing nagsawa na si Sir kay Myrna, eh. May bagong flavor of the month,” dagdag pa nito, sabay hagikgik.

“Baka naman talaga lang may ‘K’ si Cecille,” pagtatanggol niya sa bagong officemate.

“Please lang! Mas matalino pa tayo doon. Ikaw kasi, eh, di mo pa sinakyan iyong pagkahumaling ni Sir sa iyo. Alam naman ng lahat na patay na patay sa iyo ang matandang iyan. Kaya lang alam niyang di siya makakalusot sa iyo. Kaya heto, ginagantihan ka. Hindi ka binibigyan ng magandang projects.”

“Hindi naman siguro. At saka parang tatay ko na lang siya, ano!”

CHAPTER TWO

“Sorry, I’m late,” paunang bati ni Robyn sa mga kaibigan.

Almost thirty minutes na kasi siyang late sa usapan nila. Nag-decide silang mag-meet sa *Friends* sa *El Pueblo* for a few drinks. Corner table ang pinili ng mga kaibigan niya para di masyadong nakakatawag-pansin kung mapalakas man ang tawanan at hagikgikan nila. Gustung-gusto nila ang ambience dito. Dimly lit ang lugar at masarap mag-unwind after office.

“Don’t worry, sanay na kami,” prangkang sagot ni Dianne.

Nang umupo siya sa mesa ay napansin niyang nakaisang round na ng drinks ang mga kaibigan.

“Excuse me, one tequila sunrise, please,” order niya sa isang waiter na nagdaan sa kanyang tabi. Ibinalik niya ang pansin sa mga kaharap. “Para saan ba itong biglaang labas natin?” tanong niya habang pinapapak ang pulutan.

“May announcement daw itong si Maan,” sagot ni Dianne.

“Ano na iyon, Maan? ’Andito na si Robyn. Kanina mo pa kami binibitin, eh!” impatient na pakli ni Lyra.

“Well... Rick asked me to marry him!” masayang

tugon nito na halatang kilig na kilig. Sinundan ito ng malakas na tilian at sigawan ng ‘congratulations!’ nilang tatlo.

“And look at my ring!” sabi nito, sabay pakita sa kanila ng isang singsing na napapalibutan ng brilyantitos. At may heart-shaped diamond pa ito sa gitna.

“Wow!” halos sabay-sabay nilang bulalas.

“Mayaman talaga si Papa,” tukso ni Dianne.

“Ikaw ba naman ang maging anak ng isang senador at sikat na jeweller?” sabat ni Robyn.

“Handa ka na ba sa sakit ng ulo, Maan?” tanong ni Lyra.

“Bakit naman?”

“Aba, eh, mucho guapito ang magiging asawa mo. Ang mga bebot na iyan, hindi basta-basta mawawala iyan kahit naitali mo na si Rick,” pagpapaalala nito.

“Hmm... talking about mucho guapito. Tingnan ninyo kung sino itong Adonis na kakapasok lang sa bar. Delicious!” malanding sabi ni Dianne after slowly licking her lips.

Sabay-sabay nilang sinundan ang tingin nito sa bandang entrance ng bar. And the sight that greeted Robyn almost took her breath away. She had been around gorgeous men before, pero iba ang dating ng lalaking ito. Oozing with sex appeal and charisma.

Tall, dark and handsome talaga ang bagay na

description dito. Strong ang features ng lalaki, rough and rugged. At fit na fit dito ang suot na coat and tie dahil na rin sa broad-shouldered ito at malapad ang dibdib. Halatang alaga sa workout. Sexy with a capital 'S.'

Napatingin ito sa kanila habang naghahanap ng maupuan. Di-sinasadyang nagtama ang kanilang mga paningin and she felt a strong jolt of electricity course right through her. Mabilis niyang binawi ang tingin at yumuko upang magkunwaring engrossed na engrossed sa pagtingin sa table cloth.

"Uhum... I can see sparks flying!" tukso ni Maan.

"Drop dead gorgeous! Kung iyan rin lang ang makaka-one-night stand ko, okay lang!" pilyang sabi ni Lyra.

"Oo nga, ano. Hey, Robyn, remember what you told us noong isang araw about going all the way with a stranger?" paghahamon ni Dianne sa kanya.

"Aha! Oo nga, ano!" segunda ni Maan.

"What about it?" maang na tanong niya.

"Eto na ang chance mo!" sulsol ni Lyra.

"Alin, iyon?" di-makapaniwalang tanong niya.

"Bakit hindi? I mean, kung desidido ka rin lang, iyan na. Guwapo, mukhang disente; mukha ring super-rich," anito.

"Idagdag pang sexy body and mukhang interesado rin sa iyo, Sister. Kanina pa patinging-tingin sa iyo, eh," ani Dianne.

“Malay mo kung may hinihintay na date iyan.”

“Well, kung ako rin lang, ang ganyang lalaki ay hindi pinaghihintay. At saka mukha namang walang hinihintay, eh. Mukha lang nagpapalipas ng oras,” puno ng kumpiyansa na sabi nito.

“Maniwala ka sa sinasabi niya, Robyn. Alam mo namang expert iyan sa ganyan. Sanay mang-pick up iyan ng guys sa bar, eh!” pang-aasar ni Maan.

“Hello! Ang beauty na ito’y hindi ganoon. Ako ang pini-pick up. Of course, no offense meant, Robyn. Iba naman ang case mo,” bawi nito sa kaibigan.

“Sus! Okay lang. But I don’t think he’s the one,” tanggi niya.

“Bakit naman?” takang tanong ni Lyra.

“Basta, feel ko lang.”

“Hmph! Naduduwag ka lang diyan, eh. N’ung isang araw, kung makapagsalita ka’y gan’on na lang ‘tapos ngayon... chicken!” kanyaw nito.

“Admit it, Robyn. You are backing out,” dagdag na pang-iinis ni Lyra, na sinimangutan naman niya.

“Hindi ako nagba-back out,” mariing tanggi niya.

“Oo nga pala... naduduwag ka lang,” pagtatama ni Maan.

Malalim ang buntong-hininga na pinakawalan ni Robyn. Muli niyang tinapunan ng tingin ang binata na nakaupo sa mesa directly across from where she was sitting.

The man caught her glance and acknowledged it

with a slight nod. Nakita ito ng mga kaibigan niya at naramdaman niya ang pagsipa sa kanya ni Maan sa ilalim ng mesa.

“Kita mo na. He likes you!” madiing sabi nito.

“It’s now or never... Coward!” may himig na paghahamon ni Lyra sa kanya. At sa lahat ng ayaw niya ay iyong tinatawag siyang duwag. So she took a deep breath and prepared herself for the task ahead.

“Sige. Tatal kung hindi niya ako type, ano naman ngayon, di ba? At least, hindi ninyo sasabihing puro salita lang ako.”

Akma na siyang tatayo nang magsalita si Maan. “But if you really don’t want to do this....” pahabol nito.

“No! I think I really want to go through with this,” desidido niyang pahayag. “Wish me luck,” bulong niya sa mga ito bago tuluyang tumayo patungo sa kinaroroonan ng binata.

“Way to go,” mahinang sabi ni Dianne na sinundan ng tingin ang kaibigan.

ILANG HAKBANG PA ANG LAYO ni Robyn mula sa kinauupuan ng binata, ngunit mataman na itong nakatingin sa kanya. Tila alam na sa mesa nito ang derecho niya.

“Hi!” malambing na bati niya, sabay bigay ng kanyang most charming smile.

“Hi yourself,” sabi nito sa baritonong boses. Boses

pa lang ay parang matutunaw na siya.

“Are you waiting for someone or...?” tanong niya.

“No... no, take a seat. I would appreciate your company,” sagot nito, sabay hila ng upuan para sa kanya. Na kaagad naman niyang tinanggap. “You should know that your friends are looking at you right now,” sabi nito sa amused na tinig habang derechong nakatingin sa kanya.

Mabilis na bumalik ang tingin niya sa mesa ng mga kaibigan and true enough, they were openly staring at them. Pinandilatan niya ang mga ito bago muling ibinaling ang atensyon sa katabi.

“It’s good you decided to join me here. I was just planning to go over there and invite you myself,” galante nitong sabi, sabay titig sa kanya.

Pakiramdam niya ay malulunod siya sa mga mata nito. Bahagya niyang ipinilig ang ulo para mabalik ang focus niya sa kausap.

“By the way, I’m Marcus. And you are...?” tanong nito, sabay abot sa kanya ng kamay for a handshake.

“I’m... Robyn.” The handshake was very firm and warm.

“So, Robyn, you want to leave this place?”

“Uhm... where to?”

“Want to go dancing?” Marcus said with a very disarming smile.

“Yeah, sure,” sagot niya.

Tumayo ito at iniabot ang kamay sa dalaga para

alalayan siya sa pagtayo. Palabas na sila ng bar nang muli siyang magbaling ng tingin sa mesa ng mga kaibigan. Ang huli niyang nakita ay si Lyra na tila may isinesenyas sa kanya. Hindi niya kaagad makuha ang kahulugan nito. Ngunit nang maintindihan niya ay sunud-sunod na tango ang ibinigay niya rito.

Ang isinenyas nito?

"Use protection!"

CHAPTER THREE

They went dancing at a local club and Robyn must admit na lubos siyang nag-e-enjoy sa company ni Marcus. Napansin din niyang para talagang may magneto ito sa kababaihan dahil panay ang dikit dito ng mga iyon. This man definitely had the x-factor; parang ang hirap i-resist ng charm nito.

And then there she was, sa pad nito sa penthouse ng isa sa mga pinakamahal na hotel sa Manila. Everything about him spelled money at aminin man niya o hindi ay natatakot siya sa alalahaning hindi basta-basta na lalaki ang kasama niya ngayon.

“Just feel at home,” pag-a-assure nito sa malakas na tinig mula sa winebar.

“This is nice,” tugon niya habang inililibot ng tingin ang kagandahan ng paligid.

“Oo... I like it here. Kaya lang I don’t really stay here often. My work requires me to do a lot of travelling,” sabi nito habang naglalakad patungo sa sofa. Umupo ito roon at isinenyas na maupo rin siya. Nang makaupo siya ay iniabot nito sa kanya ang isang glass of champagne.

“What kind of work do you do?” tanong niya before taking a sip from her glass.

"Oh, this and that. How about you?" Marcus asked as he leaned closer to her.

"Hmm... I work at an interior design company," simple niyang tugon.

"And you are an interior designer?" tanong nito in a husky tone. Hindi niya maintindihan pero pakiramdam niya ay lalong lumalapit ang pagkakaupo nito sa kanya sa sofa gayong hindi naman niya ito napapansing gumagalaw.

"Yes," mahinang sabi niya.

"Why be an employee? Puwede namang magsolo ang ganyang klaseng work, di ba?"

"Puwede. But I need to establish a name in the business first and *Par Excellence* can do that for me."

"So, doon ka nagtatrabaho," interesadong tugon nito.

Tumango siya. "Oo. Bakit, may kakilala ka ba doon?" kinakabahan niyang tanong. Pandagdag komplikasyon kung may kakilala ito sa kompanyang pinapasukan niya. Paano na iyong 'total stranger' concept ng plano niya?

"Wala. Naririnig ko na rin ang pangalang iyan ng kompanya ninyo. Siguro I've a few friends na naging kliyente na ninyo," mabilis na tanggi ng binata.

"Hmm..." sabi niya. Wala na kasi siyang maisip na isagot dito.

Saglit na katahimikan ang namayani sa kanila. Tahimik lang na nakamasid sa kanya si Marcus. Siya

naman ay hindi malaman kung saang bahagi ng silid ipapaling ang tingin.

Kinakabahan siya. Alam naman niya kung saan patungo ang sitwasyon na ito. Hindi nga ba at ito ang gusto niyang mangyari? Pero bakit ngayon ay malakas pa sa tambol ng marching band ang pagdagundong ng dibdib niya? Bago pa siya makapag-isip ay naramdaman na niya ang palad ng binata sa kanyang pisngi at malamyos nitong hinawi ang buhok sa likod ng tainga niya.

“Hey, I hope I am not boring you,” sabi nito sa halos pabulong na paraan.

Sasagutin pa sana niya ito ng hindi, ngunit pagbaling ng kanyang ulo paharap dito ay naramdaman niya ang labi nito sa kanyang mga labi. In the next instant, she was being thoroughly kissed!

Malalim ang paghalik na ginagawa nito sa kanya. His tongue was moving against her lips, urging her to open them for his invasion. Drugged by his kisses, she opened them willingly and allowed him entry. Then he started kissing her with such urgency that nearly took her breath away.

Mabilis na hinagilap ng kamay nito ang kanang dibdib niya. He began touching and caressing her through her clothes. At nang hindi ito makontento ay hinagilap ng kamay nito ang zipper ng kanyang damit. Mabilis nitong nabuksan iyon at nahubad ang saplot mula sa kanyang katawan. Mayamaya pa ay

sumunod na rin dito ang mga damit nito.

Hindi na namalayan ni Robyn kung paano sila nakarating sa kuwarto nito. Nakita na lang niya ang sarili na nakahiga sa malaking kama. Bago pa siya nakahuma ay nakapatong na sa kanya ang binata, giving her no time to react. He was kissing and touching her, in every imaginable way. His touch was making her react to him in a manner which was driving him crazy.

“Slow down, Honey, or it will be over before we even get properly started,” hinihinal na sabi nito na tinugon lamang niya ng impit na ungol.

Mariin siyang hinalikan nito habang ang dalawang kamay niya ay nasa mga balikat nito.

“Open up for me,” sabi nito sa tinig na punung-puno ng urgency. Kaagad naman niyang ibinuka ang mga hita para rito.

Mabilis na paghapdi ang kanyang naramdaman at hindi niya namamalayang nakalmot na pala niya ang lalaki. Matinding sakit kasi ang lumukob sa kanyang kabuuan.

Bigla rin itong natigilan at buong kabiglaanan na napatingin sa kanya. Punung-puno ng katanungan ang mga mata nito.

“You...?” hindi maituloy na tanong nito habang nakapatong pa rin sa kanya.

“Yes!” sagot niya.

“You should have told me. I would have taken

things slowly," sabi nito. Hindi siya sumagot. "Does it still hurt?" tanong nito habang pinapahid ang luha na umaagos sa pisngi niya.

Pinakiramdaman niya ang sarili. "It feels better," sabi niya mayamaya.

He started to move in a rhythmic fashion, slowly at first then faster with increasing tempo to suit both their needs.

When fulfillment came, it was so overwhelming that it left them both trembling and speechless.

Matagal bago muling nakapagsalita si Marcus. And when he did, it was so soft she could barely hear him.

"Marami kang ipapaliwanag sa akin... bukas. But I suggest you rest now. I know your body is sore. Bukas tayo mag-uusap," sabi nito sa matigas na tono, ngunit pagdaka'y hinapit siya nito palapit at nakayakap ito sa kanya nang magpikit ng mata.

She just gave herself to a man na hindi niya lubos na kilala, yet strangely enough, wrapped tightly in his arms, she had never felt so safe.

MASAKIT ANG KATAWAN NI ROBYN. Ito ang unang naramdaman niya paggising kinabukasan. Hindi niya alam kung anong oras na, pero base sa taas na ng sikat ng araw nang magmulat siya ng mga mata, alam niyang tanghali na.

Ang unang nahagip niya ng tingin ay si Marcus,

fully clothed in coat and tie, na nakaupo sa isang silya malapit sa gilid ng kama at nakatingin sa kanya.

Wala itong kangiti-ngiti at napakaseryoso ng hitsura.

Unti-unti ay nagbabalik sa kanya ang mga alaala ng lumipas na gabi and she couldn't help blushing. Iniwas niya ang tingin dito, pagdaka'y napansin niyang she was barely covered by the blanket. Inayos niya ang pagkakabalot ng kumot sa kanyang katawan pagkatapos ay muling tumingin sa lalaki.

"So?" tanong nito.

"Listen, you don't have anything to worry about. Hindi naman kita sine-set-up. This is just a one-night stand; no strings attached," mabilis niyang sagot na mas ikinagalit yata nito. Napansin niyang lalong nagtagis ang mga bagang nito at tumiim ang anyo sa kanyang sinabi.

Hindi niya ito maintindihan. Dapat pa nga ay matuwa ito dahil wala naman siyang hinahabol dito.

"Iyon lang? Iyon lang ang masasabi mo?" galit na tanong nito.

"Ano pa ba ang gusto mong sabihin ko?"

liling-iling na muling nagsalita si Marcus. "Kung hindi ko pa napatunayan kagabi na ako ang nakauna sa iyo, iisipin ko na gawain mo lang talaga ang mang-pick up ng lalaki sa bar for one-night stands. Pero obviously, hindi totoo iyon. So why?"

"Hindi ko kailangang mag-explain sa iyo,"

matigas din niyang sabi.

Matagal siyang tinitigan nito. Mayamaya ay may kinuha ito sa ibabaw ng dresser at iniabot sa kanya. Isang calling card iyon.

“Here, take this,” anito.

“I don’t—” Naputol ang kung anupamang sasabihin niya nang magsalita ito.

“Just take it. You might need it,” sabi nito bago tumayo upang lumabas ng silid. “Nagpahanda na ako ng almusal sa maid. After you dress up, punta ka na lang sa kitchen. May mag-aasikaso sa iyo doon. I’m leaving for a meeting. ‘Bye,” pahabol nito bago tuluyang makalabas.

Walang ibang nagawa si Robyn kundi sundan na lamang ng tingin ang likod ng papalayong si Marcus, the man who had just turned her into a woman.